

### **Abstract**

Ang koleksiyon ng mga tula ay tungkol sa pagkalat ng mga kuwentong walang batayan, tsismis at fake news. May piyesa rin tungkol sa kung paano nagmula ang mga tsismosa, ang masamang epekto sa ibang tao, o piyesang makapagbibigay ng kaunting linaw kung bakit nagagawa ng ibang magkalat ng balita. "Marites" ang bagong termino sa mga tsismosa. At ginamit itong tuntungan ng koleksiyong ito.

### **Keywords**

multo  
saksi  
tabil  
lambat  
anino

---

### **English title**

Gossip, or, the Many Shapes of Marites

# **SITSIT, SI MARITES SA PAG-IIBANG ANYO**

---

---

**FRANCISCO ARIAS MONTESEÑA**

## MULTO

Nagpapalaki ng mga multo ang kapitbahay.  
At nang malaki na'y lumilipad at dumadapo

Sa mga bubong ng bahay. Lumiligid sa bakuran  
Ng iba't tumutuklas ng mga balita. Minsan

Ay nag-aanyong sinampay at nakahilera  
Sa pagbabantay. Nang kumalat ang tsismis

Sa pagbubuntis ng isang birhen,  
laksa ang pumansin.

Itinuro ang multo na siyang salarin, kaya't  
Nang isilang ang sanggol, dumagsa ang haka

Sa lawas at anyo ng bagong silang. "May  
Tatawagin ba tayong bagong mesiyas?"

Umuwi sa nagpalaking kapitbahay ang mga multo.  
Ang itinurong ama'y nagbigti sa kawad ng sampayan.

Huminto ang mga dagundong sa bubungan.  
Nagtago sa bibig ng kapitbahay.

## SAKSI

Siya ang matang hinahasa ng talukap.  
Siyang nakamata sa sarap at saklap.

Siya ang abuhing buhok, korona ng may gulang.  
Siyang putong sa biyaya't parusa ang bigat.

Siya ang sikmurang dinadapil ng balita.  
Siyang lumalamon sa di masikmurang alimura.

Siya ang taingang dumidinig sa daing.  
Siyang balon ng mga lunggati at lihim.

Siya ang kalendaryong di na maibalik ang mga araw.  
Siyang may pulang petsa sa pangangalikaw.

Siya ang pusong lupos ng panibugho.  
Siyang handang pumatay sa ngalan ng pagsuyo.

Siya ang maling balitang bumabago sa kuwento.  
Siyang salarin sa mga akda ng mabubuting tao.

## TABIL

Papel ang kaniyang dilang hindi nauubusan  
Ng nakasulat. Hindi napupunit sa bigat  
Ng mga kuwento na kailangan agad na maikalat.  
Historyador siyang hindi nakakaligtaan  
Ang mga petsa, lugar, hugis, mukha,  
Amoy, lasa, at hipo sa lahat ng dumadaan  
Sa kaniyang pandama. At may dagdag  
Na kulay ang lahat ng sinasabi sa iba.  
Nagagawa niyang ngumiti kahit hatid  
Ay kunot ng noo sa nakababatid sa tunay  
At lamang ang hindi sa kaniyang hinahabi.  
Mabuti pa ang ahas na alam ng kaharap  
Na may kamandag kaya't nakapag-iingat.  
Mabuti pa ang magnanakaw na tukoy agad  
Ang hahablutin kaya't nagtitira ng hindi na  
Kaya pang buhatin. Ngunit sa tulad niya,  
Anong pagkawasak pa ang kayang dalhin  
Ng may lasong salita. Parang kulay bahaghari  
Ang lason sa dila. Unti-unting gumagapang  
Sa litid at ugat ng biktima. Nag-iiwan  
Ng bakas sa buto, habang siya'y tuloy pa rin  
At walang pakialam sa masasaktan.

## LAMBAT

Nasa pagitan ng mga salita ang mumunting liwanag  
Na hindi kayang ihambing sa lumi ng ningning ng buwan.  
Makislap na tila pintig ng pusong ayaw sumalpok  
Sa ingay ng daigdig. Narito ang katahimikang hanap  
Sa mga sarili. Pagliligtas ng bait. Ang hangganan at pader  
Sa ating harap, tanda ng tama na at pagtatama.  
At paano ba mag-ingat sa pagsasalita?  
Isa-isahing bihisang ang mga titik ng unawa.  
Tila siyap ng bagong sisiw sa kapipisang itlog sa pugad,  
Mahinay na lawiswis ng mga kogon sa parang,  
Mga basang dahon mula sa hamog ng umaga.  
Ganito hinahasa ang salita, sa panaginip.  
Na iniingatang parang supling, nililinisang lagi.  
Sa pamumutawi ay walang sinasaktan.  
At sa oras na magisnang hindi banal ang dila,  
Huwag ding asahang laging may nakapatong  
Na ostiyang bagong basbas sa misa. Hindi  
Ganito ang naturalesa ng bibig. Ngunit kaya  
Ang magpigil. Kaya natin ang magtimpi.  
Wala sa dila ang dulas. Wala sa bibig ang bitag.

## ANINO

Kung kayang salubungin ang titig  
ng may katawan, umaahon  
ang kagustuhang kumawala  
at maging kaniyang sarili.  
Kaya gumawa ng alingasngas  
ang anino't ikinalat ang lihim  
ng may katawan. Ipinagyabang  
ang hawak na resibo ng kahinaan  
at karuwagan. Nalunod  
ang may katawan sa kahihyan.  
Akala ay kaibigan ang lawas  
ng kaniyang anyo. Na masaya ito  
na siya ay ginagaya at sumusunod  
sa bawat niyang kilos. Ganoon pala  
kapag lumalabas ang dumi  
ng kamay ng sariling anino.  
Humuhugis ito ng sarili sa dusa ng iba,  
kahit ang pinakamalalapit sa kaniya.  
Walang mababakas na pagluha.  
Ngunit nagkakamali ang anino  
na sa pagbubuo niya  
ay may kailangang madurog.  
Dahil kung mawawala ang may katawan  
ay kasama siya sa paglalaho.

## MEDUSA

Gumagapang sa lansangan  
ang mga balita.

Sumisingasing  
at hindi mapigilang lumabas

sa mga lungga.  
Ginagawang bato

ang puso ng biktima't  
pinipigilang mag-asal-tao.

Ang lahat daw  
ay utos ni Medusa.

Kailangan niya  
ng kasama sa pagdurusa.

Ganito ang anyo ng kalungkutan  
sa kaniyang mga mata.

Sumpa.  
Kaya't ikalat ang balita.

Lahat ay kailangang  
maging bato.

Lahat ay kailangang  
maglaho ang pandama.

Mas mainam ito  
Sa dahas ng panahon.

Mas mabuti nang di  
maramdaman

Ang paghuhunos  
ng balat ng daigdig.

## LAHI

Narinig ko sa kuwentong nagmula  
sa lahi ng mga ibon ang mga tsismosa.  
Noon ay may mga pakpak sila't  
lumilipad, dumadapo sa mga bubong  
at sanga. May mga balahibo  
mula ulo hanggang paa, may matalas  
na kuko at tuka, ngunit walang dila,  
kaya inihuhuni ang nais sabihin  
at ibalita. Sa linaw ng mga mata  
ay walang nakaliligtas na eksena,  
lalo't nasa itaas sila at ang daigdig  
ay naikukulong sa kanilang tanaw.

Ngunit may kalam ang kanilang puso  
na hindi mabigyang-hubog ang mga salita.  
Pasakit ang gutom na kay raming  
nais sabihin na hindi maibalita.  
Paano maiintindihan ng kausap  
ang mga huni at siyap?

Kaya't kaluluwa ay isinanla  
sa Diyos ng mga Balita.  
Humiling ng dila. 'Yong matalim.  
'Yong kayang magpabagsak  
ng isang lungsod sa mga salita.  
Pinag-anyo sila ng bathala  
sa wangis ng mga tao. Nakipamuhay.  
Paglaon ay nalimot ang lahi  
at itinuring ang mga sariling tao.  
Bumuo ng mga pamilya.  
Naging mga magulang.



May mga hindi nagbago.  
Malinaw ang mata sa mga eksena ng iba,  
matalas ang tainga, laging nasa iba  
ang pansin. Kinakati kung hindi agad  
maibalita sa iba, na may dagdag  
na istorya. Aywan kung bakit  
doon sila maligaya.

Ngayong may dilang nagbabayubay  
sa hilahil sa mga biktima  
ng kanilang sitsit at satsat,  
hindi ko batid kung kasama  
sa pagiging wangis-tao  
ang pagkabuo ng konsensiya.

Narinig kong galing sa lahi ng ibon  
ang mga tsismosa. Nanunuka  
nang bigla. Araw-araw nagbubuhol  
ng mga haka at nagpupugad  
ng gambala. Hanggang sila'y  
maging lubos na tao na wala  
pa ring ipinagbago.